Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT
Overseas Workers Welfare Administration
OWWA Center Bldg., F.B. Harrison St., Cor. 7th St., Pasay City
P.O. Box 1617 Manila, Philippines, Zip Code-1300
Tels. 891-7601 to 24 • Fax: 833-0187
Website: www.owwa.gov.ph

MENSAHE

Isang mainit na pagpugay sa buong bansang Pilipinas sa Araw ng Kalayaan, at sa ating mga OFW na nasa ibang bansa.

Ang maiangat ang ating mga pamilya, ang ating lipunan, para makamtan ang masaganang kinabukasan, iyan ang mithiin ng bawat Pilipino. Kabalikat ng OWWA ang lahat ng manggagawang Pinoy sa labas ng bansa na nagsusumikap upang ito ay maisakatuparan.

Ang tema sa pagdiwang ng Araw ng Kalayaan ngayong taon ay "Kalayaan 2010: Tagumpay ng Bayan." Sadyang makahulugan ang katagang "tagumpay" sapagkat ito ay nagpapahiwatig ng pagbangon at tagumpay laban sa anumang hamon o balakid na ating kinakaharap tungo sa matamis nating pangarap.

Ating gunitain at isapuso ang diwa ng kalayaan. Isaala-ala natin ang pagtitiis ng mga OFW na mapalayo sa mga mahal sa buhay at pasalamatan ang kanilang pagpunyagi alang-alang sa pamilya at bansa. Sama-sama at kapit-bisig nating lakbayin ang landas tungo sa kalayaan para maging lubos na mamamayang marangal sa bansang malakas, maunlad, at matatag.

Sa pamamagitan ng mga makabuluhang programa, ang OWWA ay laging nakahanda upang makiisa, maglingkod, umalalay at magsilbi, sa anumang oras sa mga OFW at kanilang pamilya. Ang OWWA ay kaagapay at kabisig ang mga OFW sa pagtupad ng kanilang hangarin ng pagbabago tungo sa maunlad na kinabukasan.

Mabuhay ang ating bansa! Mabuhay ang mga OFW!

CARMELITA S. DIMZON, DPA
Administrador

OWWA